# GUSTO BA NINYONG MAGPAREHISTRO PARA BUMOTO?

PARA MAGPAREHISTRONG BUMOTO SA CALIFORNIA, KAYO DAPAT AY:

1. Isang citizen ng Estados Unidos;
2. Dapat nakatira sa Estado ng California;
3. Dapat ay hindi bababa sa 18 taong gulang bago sumapit ang petsa ng susunod na eleksyon, at;
4. Kayo dapat ay hindi kasalukuyang nasa bilangguan ng estado o pederal o pansamantalang pinalaya para sa nagawang mabigat na kasalanan, at hindi kasalukuyang nalaman ng hukuman na walang kakayahang gumawa ng desisyon.

**BABALA:** Sa ilalim ng batas ng estado at pederal, isang krimen na magsumite ng apidabit ng pagpaparehistro ng botante kung alam ninyong hindi kayo karapat-dapat magparehistro para bumoto.

**MGA MAHALAGANG ABISO**

1. Ang pag-aapply para magparehistro o pagtangging magparehistro para bumoto ay hindi makakaapekto sa dami ng tulong na ibibigay sa inyo ng ahensiyang ito.
2. Kung gusto ninyo ng tulong sa pagsasagot ng application form para sa pagpaparehistro ng botante, tutulungan namin kayo. Nasa inyo ang desisyon kung maghahanap o tatanggap ng tulong. Maaari ninyong sagutan ang application form nang pribado.
3. Kung naniniwala kayong mayroong nangialam sa inyong karapatang magparehistro o tumangging magparehistrong bumoto, ang inyong karapatan sa privacy sa pagpapasya kung magpaparehistro o sa pag-apply na magparehistrong bumoto, o ang inyong karapatang pumili ng sarili ninyong partido sa pulitika o iba pang kinakatigan sa pulitika, maaari kayong magsampa ng reklamo sa Secretary of State sa pamamagitan ng libreng pagtawag sa 800-345-VOTE o sumulat sa: Secretary of State, 1500 11th Street, Sacramento, CA 95814.
4. Kung lilipat kayo sa bagong address, o kung papalitan ninyo ang inyong pangalan o partido sa pulitika, kailangan ninyong magsagot ng bagong form sa pagpaparehistro ng botante.
5. Mayroong maagang pagpaparehistro ng botante para sa mga nararapat na 16 at 17 taong gulang sa pamamagitan ng pagbisita sa RegisterToVote.ca.gov o sa pamamagitan ng pagsagot sa papel na application sa pagpaparehistro ng botante. Magiging aktibo ang rehistro ng kabataan sa California na maagang magpaparehistro para bumoto kapag sila ay naging 18 taong gulang na.

Gusto ba ninyong magparehistrong bumoto rito ngayon? (Lagyan ng Check ang Isa)

☐ Nakarehistro na akong bumoto sa kasalukuyan kong address, o hindi ako nararapat magparehistrong bumoto, at hindi ko kailangan ng application para magparehistrong bumoto.

☐ OO. Gusto kong magparehistrong bumoto.
(Mangyaring punan ang nakalakip na form o pumunta sa http://www.registertovote.ca.gov/ para magparehistro online)

☐ HINDI. Ayokong magparehistrong bumoto.

(TANDAAN: KUNG HINDI NINYO LALAGYAN NG CHECK ANG ANUMANG KAHON, ITUTURING NA NAGPASYA KAYONG HINDI MAGPAREHISTRO PARA BUMOTO SA PAGKAKATAONG ITO.)

**Mangyaring isulat ang pangalan ninyo rito: ________________________________**

Papanatilihin ng ahensiyang ito ang form na ito.

**(Gagamitin Lang ng Ahensiya)**

**Numero ng Kaso** ________________________ **Pangalan ng Kaso** ________________________

**Nakumpleto ang form sa pagpaparehistro ng botante:** **Oo** _____ **Hindi** _______

**Ibinigay ang form para sa pagpaparehistro ng botante:** **Oo** _____ **Hindi** _______

**Mga Inisyal ng Empleyado:** ________________ **Numero ng Manggagawa** __________ **Petsa** _________